

INTERCEDE

CCF MIDYEAR PRAYER & FASTING

KNOWING GOD

PRAY THROUGH HIS ATTRIBUTES

July 16 - 19, 2025

Taglish Booklet



A MESSAGE FROM OUR SENIOR PASTOR

Dear Brothers and Sisters in Christ,

What a joy it is to welcome you to our Midyear Prayer and Fasting Week 2025!

This sacred time allows us to pause, reflect, and draw near to our Almighty God. As we center our hearts on His sovereignty, grace, holiness, and healing power, may we be reminded that our God is not only in control, but also full of mercy, love, and is always attentive to our prayers. Let this week be more than a routine or ritual—it is an invitation and privilege to encounter the very heart of God.

I encourage you to take each day's devotion and prayer time seriously. Meditate on His Word, pray earnestly, and carve out intimate moments with the Lord. Whether you are fasting from food, distractions, or anything else, do it with the desire to know Him more deeply. Let every sacrifice point us to the One who gave everything for us. May this be a week of spiritual breakthrough and transformation for you, your family, and our entire church community.

May the Lord bless us all as we go through this week as a church!

Your fellow servant in Christ,



Dr. Peter Tan-Chi

SENIOR PASTOR, CHRIST'S COMMISSION FELLOWSHIP

TABLE OF CONTENTS

GUIDE

Ano ang panalangin? Ano ang pag-aayuno?	1
Bakit tayo dapat mag-ayuno?	1
Iba't-bang Uri ng Pag-aayuno	3
Simula at Pagwakas ng Inyong Pag-aayuno	3
Pag-iingat	3
Mga Mungkahi sa Pananalangin	6

DEVOTIONS

Day 1	
Katanginan ng Diyos: Ang Kanyang Kapangyarihan sa lahat ng mga bansa	8
Day 2	
Katanginan ng Diyos: Ang Kanyang Biyaya para sa Kanyang iglesia	13
Day 3	
Katanginan ng Diyos: Ang Diyos bilang ating Manggagamot	19
Day 4	
Katanginan ng Diyos: Ang Kanyang Kabanalan	24

GABAY SA HAPUNAN NG PANGINOON	30
--------------------------------------	----

MGA PANALANGIN	32
-----------------------	----

SAMA-SAMA TAYONG MAG-AYUNO AT MAGDASAL

Ang ating prayer & fasting ay ginaganap tuwing simula at kalagitnaan ng taon. Ito ay isang panahon upang ipahayag ang ating pagdepende sa Diyos at muling ihanay ang ating mga puso sa Kanyang kalooban.

Habang tayo ay nagsasama-sama sa panalangin at pag-aayuno mula Miyerkules hanggang Sabado, nawa'y mapaalalahanan tayong bagamat sinasagot ng Diyos ang ating mga panalangin, ang Kanyang likas na katangian — ang Kanyang mga katangian at pagkatao — ang siyang nagbibigay sa atin ng pinakamalalim na pag-asa at kaaliwan.

Inaanyayahan namin kayo sa ating midyear prayer & fasting na may pamagat na:

Knowing God: Pray Through His Attributes

Ano ang PANALANGIN?

Ang panalangin ay ang pakikipag-usap sa Diyos at ang pakikinig sa Kanya para maisang-ayon ang ating kalooban sa Kanya. Ito ay ang pagharap sa Diyos sa pangalan ni Hesus, batay sa Kanyang Salita (ang Bibliya), na may gabay ng Kaniyang Banal na Espiritu. Tuwing tayo ay nananalangin, sinasamba natin Siya, dinudulog ang ating mga puso na may pasasalamat sa ating Ama sa Langit, ipinapahayag sa Kanya ang ating mga pangangailangan at ang mga pangangailangan ng iba, at hinihiling na ang Kanyang kalooban at kaharian ay maitaguyod sa ating buhay (Mateo 6:9-13; 1 Juan 5: 14-15; Juan 16:23-24; Judas 20).

Ano ang PAG-AAYUNO?

Ang pag-aayuno ay ang hindi pag-kain sa loob ng itinakdang oras o panahon upang maipahayag ang ating pagsisisi sa kasalanan at ating paghahangad na mapalapit sa Diyos, habang tayo ay nabibigyan ng mas mahabang oras sa pagbasa ng Kaniyang Salita at sa panalangin. Ang pagliban sa mga mahahalagang bagay sa ating buhay tulad ng pagkain ay pagkakataon upang maipahayag ang taos-pusong pagtitiwala at pangangailangan natin sa Diyos.

Habang ang mga Kristiyano sa ating panahon ay maaari ring umiwas mula sa iba pang mga bagay tulad ng libangan, palakasan, at social media, ang pag-iwas sa pagkain ay ang karaniwang paraan ng pagpapahayag ng pag-aayuno sa Bibliya. Ang pag-aayuno ay isang paraan upang ipakita ng ating pagtitiwala sa Diyos at ating kasapatan sa Kanyang presensya na hindi mahihigitan ng anumang bagay sa ating pisikal na buhay (Nehemias 1: 4, 9: 1; Ester 4: 3; Daniel 9:3; Joel 2:12; Mateo 6: 16-18 ; Mga Gawa 13: 2; Isaia 58).

BAKIT tayo dapat MAG-AYUNO?

INAASAHAN NG DIYOS NA TAYO AY MAG-AYUNO

Sa tuwing kayo ay nag-aayuno, huwag maglagay ng madilim na mukha tulad ng ginagawa ng mga mapagkunwari, sapagkat pinababayaan nila ang kanilang hitsura upang mapansin sila ng mga lalaki kapag sila ay nag-aayuno. Katotohanang sinasabi ko sa iyo, buo ang kanilang gantimpala. Ngunit ikaw, kapag nag-aayuno ka, pahiran ang iyong ulo at hugasan ang iyong mukha – Mateo 6:16-17

Sinabi ni Hesus na “**sa tuwing nag-aayuno ka**”, hindi “**kung mag-aayuno ka.**” Nangangahulugan ito na ang pag-aayuno, tulad ng panalangin, ay hindi isang mungkahi. Ang pag-aayuno ay bahagi ng buhay Kristiyano.

NAG-AYUNO SI HESUS

At pagkatapos Siya ay nag-ayuno ng apatnapung araw at apatnapung gabi, pagkatapos ay nagutom Siya. – Mateo 4:2

Bago ang pagmiministeryo ni Hesus, nag-ayuno Siya nang apatnapung araw. Alam Niyang kailangan Niya ng espirituwal na lakas upang matupad ang Kaniyang layunin sa mundo. Sa pag-aayuno ang ating pisikal na pangangatawan man ay nagiging mahina, ang ating espirituwal na buhay ay lumalakas at tayo’y mas nagiging handang tuparin ang gawain ng Diyos.

NAG-AYUNO ANG MGA UNANG MANANAMPALATAYA

Pagkatapos, nang sila ay mag-ayuno at manalangin at ipinatong ang kanilang mga kamay sa kanila, pinalayo sila. – Gawa 13:3 (tingnan din ang Gawa 14:23)

Ang Simbahan ay nag-ayuno para kay Saul (Paul) at Bernabe. Nang maglaon, si Paul at Bernabe ay nagtalaga ng mga mamumuno sa iba't ibang mga simbahan, nag-aayuno at nagdarasal bago itinalaga sa Panginoon ang mga pinuno.

ANG PAG-AAYUNO AY NAGPAPAKITA NG PAGPAPAKUMBABA SA HARAP NG DIYOS

Ngunit tungkol sa akin, nang sila ay may sakit, ang aking damit ay sako; Pinaiyak ko ang aking kaluluwa ng pag- aayuno; at ang aking dalangin ay patuloy na bumalik sa aking sinapupunan. – Salmo 35:13 (Tingnan din ang 1 Hari 21:27-29; Esdras 8:21)

Ang pagpapakumbaba ay nagpapahintulot na maranasan natin ang biyaya ng Diyos. Kapag nagpakumbaba tayo sa panalangin at tumalikod sa ating masasamang pamamaraan, ipinangako ng Diyos na tayo ay Kaniyang pakikilingan at tutugunan Niya tayo ayon sa Kaniyang kalooban.

SA PAG-AAYUNO, TAYO AY NAGIGING SENSITIBO SA PAMUMUNO NG BANAL NA ESPIRITU

Si Hesus, na puno ng Banal na Espiritu, ay bumalik mula sa Jordan at pinangunahan ng Espiritu sa ilang sa loob ng apatnapung araw, na tinutukso ng demonyo. At wala siyang kinakain sa mga panahong iyon, at nang matapos na, nagutom siya. – Lucas 4:1-2 (tingnan din ang Mga Gawa 13: 2, Mateo 17:21, Marcos 9:29)

Madali tayong makalimot sa ating prayoridad. Ang pag-aayuno ay isang paalala na ang Diyos ang nauuna sa ating mga pangangailangan. Idinudulog natin sa Kanya ang ating mga inaalala dahil Siya naman ang may kakayahang gumawa ng mga kamanghamanghang gawa na magbibigay sa Kaniya ng kaluwalhatian.

ANG PAG-AAYUNO AY NAGSASARIWA NG ATING ESPIRITUWAL NA BUHAY, PANSARILI MAN O PAMBANSA

At ang Aking mga tao na tinawag ng Aking pangalan ay nagpapakumbaba sa kanilang sarili at nananalangin at hinanap ang Aking mukha at tumalikod sa kanilang masamang pamamaraan, kung gayon ay makakarinig ako mula sa langit, patatawarin ang kanilang kasalanan at pagagalingin ang kanilang lupain. – 2 Cronica 7:14

Kaya't binigyan ko ang aking pansin sa Panginoong Diyos na hanapin Siya sa pamamagitan ng panalangin at mga pagsusumamo, kasama ang pag-aayuno, sako, at abo. – Daniel 9:3

Ang pag-aayuno ay nagbibigay buhay sa bawat isa at sa bayan. Ito rin ay nagdudulot ng kagalingan, pagbabago at paghahanda para sa mga bagay na dakila sa kaharian ng Diyos.

ANG PAG-AAYUNO AY MABUTI PARA SA ATING KALUSUGAN

Ang pag-aayuno ay mabuti sa ating pisikal na kalagayan. Nililinis nito ang ating sistema sa mga toxin sa katawan. Sa pangkalahatan, naglilinis ito ng kaisipan at nagdudulot ng mabuting kalusugan. Maging ang mga kulang sa timbang ay nakitaan ng kabutihan sa pangangatawan dahil sa pagayuno at panalangin. Maraming mga guro ng Bibliya ang nagsasabi na ang tatlong-araw na pag-aayuno ay mabuti sa kalinisan ng espiritu at kalayaan sa mga masamang bisyo.

(mula sa "What Does the Bible Say About Fasting?", Christ Unlimited Ministries, www.bible.com)

Iba't ibang uri ng PAG-AAYUNO

Marahil maraming mga paraan upang mag-ayuno dahil may mga paraan upang manalangin, ngunit maaaring magsimula sa apat na paraang ito.

NORMAL NA PAG-AAYUNO

Sa isang normal na pag-aayuno, ang isang tao ay walang pagkain sa loob ng itinakdang panahon. Ang pag-inom ng tubig ay kailangan. Ang matinding pag-iingat ay kinakailangan para sa mga mahabang pag-aayuno (higit sa isang linggo), lalo na't kung may mga medikal na kondisyon. Mabuting kumunsulta sa manggagamot kung nagpaplano kang mag-ayuno nang mahabang panahon.

BAHAGYANG PAG-AAYUNO

Sa bahagyang pag-aayuno, ang isang tao ay kumakain lamang ng ilang mga uri ng pagkain sa loob ng partikular na panahon, o kaya naman ay may isa o dalawang pagkain lamang sa isang araw. Sa Bibliya, sina Daniel at Juan Bautista ay nagpapanatili ng isang diyeta sa kanilang pag-aayuno. Ang mangangaral ng ika-18 siglo na si John Wesley ay may tinapay at tubig lamang sa maraming araw bilang kaniyang pag-aayuno.

JUICE FAST

Ito ay isang bahagyang pag-aayuno na sa halip na kumain ay umiinom lamang ng juice.

OBJECT FAST

Ito ay pag-aayuno mula sa mga bagay na ginagamit o ginagawa, maliban sa pagkain. Ang mga halimbawa nito ay panonood ng telebisyon, pag-gamit ng social media, o pag-gamit ng computer liban sa trabaho o pag-aaral. Ang susi dito ay ang palitan ang oras na ginugol sa aktibidad na iyon ng oras na nakatuon sa Panginoon. Para sa mga mag-asawa, ito ay maaaring mangahulugan ng pag-iwas sa pisikal na pagpapalagayang-loob upang tumutok sa panalangin (1 Mga Taga-Corinto 7:5)

Simula at Pagwawakas ng IYONG PAG-AAYUNO

Mahalaga ang paghahanda sa pag-aayuno at ang marahan na pagtatapos nito. Sa paghahanda, bawasan paunti-unti ang pagkain at pag-inom ng mga may caffeine (kape, tsaa, softdrinks) bago mag-ayuno. Mas mahalaga pa rito, manalangin nang maaga upang mapanatili kang malakas sa pisikal, mental, at espirituwal sa iyong pag-aayuno para sa Diyos. Sa pagtatapos ng pag-aayuno, huwag agad bumalik sa iyong normal na pag-kain. Mabuting simulan

muna sa malambot na pagkain at sa katamtamang dami hanggang sa bumalik ang normal na pagtunaw ng pagkain.

PAG-IINGAT

Habang may mga pakinabang sa pag-aayuno, ang ilan ay hindi dapat mag-ayuno nang walang pagkokonsultang medikal. Halimbawa:

- Ang mga taong masyadong payat
- Ang mga taong madaling kapitan ng mga karamdaman sa pagkain
- Ang mga nagdurusa sa kahinaan o anemia
- Ang mga taong nasuri na may ilang mga karamdaman na nangangailangan ng patuloy na nutrisyon
- Mga buntis at nagpapasuso ng sanggol
- Ang mga taong umiinom ng iniresetang gamot

KUMUNSULTA SA IYONG DOKTOR BAGO MO SIMULAN ANG IYONG PAG-AAYUNO.

Tandaan na may mga doktor na maaaring walang kasanayan sa pag-aayuno, kaya't maaari kayong pigilan sa bagay na ito.

Manalangin at Mag-Ayuno KASAMA ANG INYONG MGA ANAK

I-download ang **NXTGEN** Prayer & Fasting Booklet para sa mga pamilya na may **mga batang edad 7 hanggang 12:**

go.ccf.org.ph/IntercedeKids



Mga mungkahi sa PANANALANGIN

Habang binabasa natin ang mga talata sa Bibliya sa darating/sumusunod na araw, pag-aralan natin na **GAMITIN SA PANALANGIN ANG SALITA NG DIYOS** gamit ang balangkas sa ibaba:

CONFESSION (PAG-AMIN)

Hingin sa Banal na Espiritu na ipakita ang anumang bagay na hindi kanais-nais sa Kaniya. Aminin ng may pagpapakumbaba ang lahat ng kasalanan, at tanggapin ang awa ng Diyos. Humingi ng kapatawaran kahit para sa mga kasalanang hindi mo namalayan na iyong nagawa.

ADORATION (PAGSAMBA)

Maglaan ng oras upang personal na purihin ang Panginoon para sa kung sino Siya at sa mga ginawa Niya. Purihin Siya para sa Kanyang mga katangian — lubos na makapangyarihan, walang hanggan, tapat, at marami pang iba. Kilalanin at ipagpasalamat ang Kanyang presensya sa iyong buhay.

SUPPLICATION (PAGSUSUMAMO)

Itaas ang iyong mga pangangailangan at pakiusap sa Panginoon. Ipagkatiwala sa Kanya ang iyong mga alalahanin sapagkat Siya ay nagmamalasakit sa iyo. Maaari mong ipagdasal ang mundo, simbahan, iyong komunidad, pamilya, mga relasyon, at mga personal na petisyon.

THANKSGIVING (PASASALAMAT)

Magpasalamat sa Diyos para sa Kanyang marami, iba-iba, at partikular na mga pagpapala sa iyong buhay. Humingi ng pusong mapagpasalamat at kuntento sa lahat ng bagay. Magpasalamat sa Kanya ng may pananampalataya hindi lamang para sa pakikinig sa iyong mga dasal kundi para sa Kanyang mga magiging sagot sa mga ito.

MGA DEVOTIONS

DAY ONE (July 16, 2025)

KATANGIAN NG DIYOS: ANG KANYANG KAPANGYARIHAN SA LAHAT NG MGA BANSA

BASA HIN

¹² Sino ang makasusukat ng tubig sa buong mundo gamit ang kanyang palad?

Sino ang makasusukat ng langit gamit ang kanyang kamay?

Sino ang makakakolekta ng alabok sa buong mundo sa isang takal?

At sino ang makasusukat sa mga bundok at burol na parang sumusukat ng timbang?

¹³ Sino ang makaaabot sa isip ng Panginoon?

Sino ang maaaring magpayo sa kanya?

¹⁴ May nagturo ba sa kanya ng tamang daan?

May nagtuturo ba sa kanya ng karunungan at ng tamang pag-unawa?

¹⁵ Ang mga bansa ay parang patak lamang sa balde,

*para lamang alikabok sa timbangan.
Itinuturing niya ang mga isla na parang pinong
alibabok lang.*

ISAIAS 40:12-15

PAGNILAYAN

1. Ano ang sinasabi sa iyo ng talata tungkol sa Panginoon?
2. Ano ang pinakatumatak sa iyo tungkol sa pamumuno ng Diyos sa lahat ng Kanyang nilikha at mga bansa? Bakit?

ISABUHAY

1. Anong mga suliranin ng ating bansa ang ilalapit ko sa Diyos na makapangyarihan sa lahat habang ako'y nananalangin ngayon?
2. Paano ako mananalangin para sa suliranin ng aking bansa at maging bahagi sa solusyon sa halip na puro pagmamaktol at pagrereklamo.

Halimbawa: Bawat linggo, ako'y mananalangin at mag-aayuno para sa bansang aking tinitirhan at para rin sa isang partikular na bansa sa ibang panig ng mundo.

TALAAN NG PANALANGIN

[illegible]

C . A . S . T .

PAG-AMIN:

- Itaas sa Panginoon ang pagkukulang ng ating bansa sa pagsunod sa kanyang kapamaraan.
- Hilingin sa Diyos ang Kanyang habag at awa para sa ating bayan.

PAGSAMBA:

- Purihin at sambahin ang Diyos bilang makapangyarihang Tagapamahala ng buong sansinukob, Hari ng lahat ng bansa, at Panginoon ng ating mga buhay.

PAGSUSUMAMO:

- Ipanalangin ang mga mamamayan ng ating bansa - na matutunan nating magtiwala ng lubos sa Diyos at mamuhay bilang mapanalangin at tapat na tagasunod ni Kristo upang maranasan ang tunay na kaligtasan at pagbabago ng buhay.
- Ipanalangin natin ang mga namumuno sa ating pamahalaan - sa sangay ng ehekutibo, lehislatura, at hudikatura - na kanilang itaguyod ang mga pagpapahalagang ayon

sa Salita ng Diyos at mamuhay na may maka-Diyos na pag-uugali, kakayahan, katarungan, pananagutan, at pagmamahal sa pamilya - Nawa'y maglingkod sila nang may integridad, karunungan, katapatan, at sa ilalim ng patnubay at pangangalaga ng Panginoon:

- Ang Pangulo, Pangalawang Pangulo, mga miyembro ng gabinete at mga Tagapayo
- Ang mga Senador at Kongresista
- Ang punong Mahistrado at lahat ng Mahistrado
- Ang Sandatahang Lakas at Pambansang Pulisya
- Ang pamahalaang lokal at mga Opisyal na Barangay
- Ipanalangin natin ang ating bansa - kasama ang mga namumuno sa kasalukuyan - hanapin natin ang Panginoon at na kinakaharap ng ating bansa.

Mga pangunahing problema ng bansa:

- Nararapat na pamamahala ng kagipitan at pagpapanatiling matatag ang ekonomiya
- Nakawan at katiwalian sa gobyerno, kalakalan ng illegal na droga, sapilitang pagtratrabaho, bentahan ng tao, sekularismo.
- Hindi makadiyos na mga pagpapahalaga, pagbaba ng moralidad, materyalismo pagsamba sa diyus-diyosan

- Pagkawatak-watak ng pamilya, depresyon at mga kaso na pagpapakamatay at pagkalito sa pagkakakilanlan at kasarian
- Mga suliranin sa ekonomiya, mataas na presyo ng gasolina, inflation, problema sa trapik, mga panukalang batas na laban sa salita at kalooban ng Diyos
- Para sa mas maraming Pilipino mula sa iba't ibang antas ng pamumuhay ang maligtas, malinang sa pagiging alagad, at magkaroon ng tunay na pag-ibig sa Diyos

Christians For Nation-Building (C4NB)

- Naway kumilos ang Panginoon sa pamamagitan ng kilusang ito upang magbigay-kaalaman sa mga Pilipino (lalo na sa kabataan) tungkol sa tamang pagboto batay sa mga pagpapahalagang biblical at sa pamumuhay bilang mabubuting mamamayan na nagbibigay parangal kay Kristo.

Lahat ng mga Bansa

- Ipanalangin natin na ang bawat bansa ay makaranas ng personal na pagkakilala sa Panginoong Jesu-Kristo sa pamamagitan ng Kanyang mga hinirang na tapat na nagpapahayag ng Kanyang Salita at isinasabuhay ang pag-ibig ng Diyos sa kanilang araw-araw na pamumuhay.

- Ipanalangin ang mga bansa at pamahalaan sa buong mundo - na tayo'y sama-samang umasa at magtiwala sa Panginoon upang tayo'y Kanyang akayin sa gitna ng mga kasalukuyang hamong pang-ekonomiya sa buong daigdig. Idalangin din ang kapayapaan sa mga lugar na dumaranas ng digmaan, kaguluhan, at matinding kahirapan gaya ng:

West Philippine Sea at ang mga bansang sangkot dito; Israel at Palestine & Iran; Ukraine at Russia; Armenia at Azerbaijan; Iraq, Iran, Afghanistan; Myanmar, ang Rohingya nation; Sri Lanka; Sudan, Nigeria, at iba pang mga bansang dumaranas ng kaguluhan.

PAGPAPASALAMAT:

- Purihin natin ang Diyos sa mga mabubuting gawa na Kanyang naisakatuparan sa pamamagitan ng Kanyang mga hinirang.
- Pasalamatan natin ang Panginoon para sa mga bansa kung saan may pagkakataon ang CCF na makapaglingkod, lalo na sa tulong ng ating mga International Missionary Partners (IMPs). Ipanalangin na sila'y patuloy na ingatan at panatilihin matatag sa Diyos habang kanilang ipinapahayag ang ebanghelyo at nangangaral sa mga

lugar na mahirap abutin at may panganib - tulad ng Central, East, at South Asia, North Africa, at Sudan.

TALAAN NG PANALANGIN

This image shows a single sheet of white paper with horizontal blue or grey ruling lines, typical of notebook paper. The lines are evenly spaced and run across the width of the page. There are approximately 20 lines visible. The paper has a slight shadow on its right side, suggesting it's resting on a surface.

DAY TWO (July 17, 2025)

MGA KATANGIAN NG DIYOS: ANG KANYANG BIYAYA PARA SA KANYANG IGLESIA

BASA HIN

⁶ Kaya magpakumbaba kayo sa ilalim ng makapangyarihang kamay ng Diyos, at itataas niya kayo sa tamang panahon. ⁷ Ipagkatiwala ninyo sa kanya ang lahat ng inyong mga alalahanin, dahil nagmamalasakit siya sa inyo. ⁸ Maging handa kayo at magbantay! Ang diyablo na kaaway ninyo ay parang leong umuungal at paikot-ikot na naghahanap ng masisila. ⁹ Tibayan ninyo ang inyong loob at manampalataya kayo sa Diyos. Tandaan ninyong pareho lang din ang pinagdadaanan ng mga kapatid ninyo sa buong mundo. ¹⁰ Pagkatapos ninyong magtiis nang kaunting panahon, ang Diyos na siyang pinanggagalingan ng lahat ng biyaya—na tumawag sa inyo upang makasama ni Kristo sa kanyang walang hanggang kaluwalhatian—ang siyang

*magpapatibay, magpapaalwan, at magpapalakas sa inyo.
11 Sa kanya ang kapangyarihan magpakailanman! Amen.*

1 PEDRO 5:6-11

PAGNILAYAN

1. Ano ang panawagan ng Diyos sa atin tuwing tayo'y dumaranas ng mga pagsubok?
2. Ano ang pangako ng Diyos pagkatapos natin gawin ang ating tungkulin?

ISABUHAY

Sinabi mismo ni Hesus, “Itayo ang Aking iglesia” (Mateo 16:18b). Ngunit may kaaway tayong patuloy na nagbabalak na sirain tayo at pigilan ang gawain ng Diyos sa ating kalagitnaan. Kapag tayo’y dumaranas ng ganitong sitwasyon, ito’y pagkakataon upang lalo tayong lumapit kay Hesus. Sa bandang huli, ang Panginoon ang Siyang magdadala at magpapanatag sa kanyang iglesia sa gitna ng mga pagsubok, alalahanin, at suliranin ng buhay - upang ang Diyos lamang ang maparangalan at maluwalhati.

1. Ano ang mga pagsubok ang aking hinaharap sa kasalukuyan? Paano ko higit na maasahan ang biyaya ng Diyos upang harapin ang mga ito?
2. Sa anu-anong mga tiyak na paraan ko maibabahagi ang aking oras, kakayahan, at yaman upang makatulong sa pagpapatatag ng iglesia?

Set Simple, Measurable, Appropriate, Realistic, Time-bound (SMART) commitments.

Halimbawa: Magplano ng isang simpleng iskedyul kung saan maglalaan ka ng oras bawat linggo para sa tahimik at taimtim na panalangin, pagninilay, pag-aayuno, pagbabasa ng Biblia, at pagtulong sa gawain ng simbahan. Mas mainam kung ito’y maisasagawa kasama ang iyong pamilya, small group o mga kaibigan.

TALAN NG PANALANGIN

PAG-AMIN:

- Aminin at ipahayag sa Diyos ang mga pagkakataong tayo'y umasa sa sariling lakas, nagmalaki sa ating mga nagawa, at umasa sa sariling lakas sa halip na sa Kapangyarihan ng Diyos.
- Hayaang siyasatin ng Panginoon ang ating puso at isipan upang ihayag ang anumang kasalanan kailangang mailantad sa liwanag. Humingi tayo ng kanyang awa at kapatawaran habang buong puso nating tinatalikuran ang maling pamumuhay o nakasanayan, at lubos na umaasa sa Diyos upang mapagtagumpayan ito.

PAGSAMBA:

- Sambahin natin ang Diyos bilang ating mapagpalang Panginoon na nanatiling tapat kahapon, ngayon, at magpakailanman. Purihin natin Siya bilang Punong Pastol na patuloy na gumagabay sa atin. Dakilain natin Siya bilang nagtagumpay laban sa kamatayan, kasalanan, at sa kaaway.

PAGSUSUMAMO:

- Ipanalangin natin na mas maging tulad ni Hesus, handang isantabi ang pansariling kagustuhan at maglingkod sa kapwa ng may sakripisyo na walang inaasahang kapalit.
- Itaas sa panalangin ang ating iglesia, Christ's Commission Fellowship na nawa'y makapag patuloy na purihin ang Diyos sa pamamagitan ng pagdidisipulo ng mga magdidisipulo sa lahat ng bayan.
- Manalangin para sa kultura ng paggalang sa Salita ng Diyos, at sa mga may awtoridad sa simbahan - na tayo ay magpasakop sa Diyos higit sa lahat at sumunod sa karunungan ng ating mga Elders, Pastors, at servant leaders.
- Ipanalangin ang ating mga lider na nawa'y patuloy silang palakasin ng Panginoon at bigyan sila ng karunungan upang kanilang mapangasiwaan ang buong taon nang sa gayon ay maluwalhati ang Diyos sa kanilang buhay at sa ating iglesya.
 - Ang ating Senior Pastor Peter Tan-Chi, ang kanyang asawa na si Deonna, at ang kanyang buong pamilya
 - Ang ating Elders, Pastors, servant-leaders, at ang kani-kanilang mga pamilya

- Ang ating CCF Ministry Heads, Staff Workers, Volunteers, at Partner Missionaries
- Ang bawat Discippler at kanilang mga disipulo na patuloy na lumago sa pagiging kawangis ni Kristo habang ibinabahagi ang Mabuting Balita
- Para sa LAI Academy at LAI College, nawa'y patuloy itong gamitin ng Diyos sa mga darating na dekada para sa Kanyang layunin at kaluwalhatian sa pamamagitan ng pagpapalaki ng susunod na makadiyos na henerasyon
- Para sa ating national at international church planting initiatives ay maging mabunga para sa kaluwalhatian ng Diyos
- Para sa mga iba pang CCF satellites, ministries, Home Fellowships, at Dgroups sa buong bansa at sa buong mundo, gayundin ang mga nasa iba't ibang lugar ng trabaho at komunidad na patuloy silang maging matatag at matapat na maglingkod sa Panginoon.
- Ipanalangin na maging bahagi ng isang Dgroup, at kung ikaw ay kabilang na, nawa'y makapagsimula ka ng sarili mong Dgroup ngayong taon.

Pray for Ministries:

- Across, B1G, Elevate, NXTGEN
- Discipleship Ministry
- WOW (Women)
- MoveMEN⁺ (men), Living Free Ministry
- CCF Ministries Team
- CCF Sports
- Marketplace, G-Men
- Tulong Tayo, Uplift, #NotAlone
- Ignite Business Leaders Ministry
- Intercede Team
- Welcome Center & Host Team

Pray for CCF Departments:

- Exalt and CCF Media Team
- GLC (Global Leadership Center) Team
- Pastoral Care Team
- Communications and Live Production Team
- Digital Transformation Team

- I.T. (Information Technology) Team
- Finance and Accounting Team
- Audit Team
- Admin Team
- Procurement Team
- Facilities Management
- HR Team
- Legal Team
- Mt. Makiling Re-Creation Center Team
- Itaas sa panalangin ang Mt. Makiling Recreation Center at ang buong team na nangangasiwa nito; para sa karunungan sa pamamahala ng mga pasilidad at sa pagbuo ng mga proyekto para sa Sports Development. Na namapunan ang mga kinakailangang posisyon ng tamang tao; para sa bawat bisita na makaranas na personal at mapanibagong pakikipagtagpo kay Hesus at para sa kaligtasan at seguridad ng lahat ng bumibisita sa MMRC.
- Ipanalangin ang International Care Ministries (ICM), na ang mahihirap na iglesia ay matulungan sa pamamagitan ng ating mga programa na umuunlad at dumami habang natututo silang magdisipulo ng mga magdidisipulo sa iba.
- Idalangin na ipakita ng Panginoon ang Kanyang layunin sa iyong komunidad. Ihandog mo sa Kanya ang iyong propesyon o trabaho at hayaan Siyang gamitin ka bilang kinatawan ng Kanyang kaharian.
- Pagbutihin mo ang iyong pag-aaral o sa paghahanapbuhay - gawin mo ang lahat ng bagay para sa kaluwalhatian ng Diyos lamang.
- Ipanalangin natin na magkaroon ng kulturang sumusunod sa Salita ng Diyos at nagsasagawa ng ebanghelismo at pag-aakay sa iba sa pananampalataya sa loob ng iyong saklaw ng impluwensya: pamilya, komunidad, trabaho, at bayan.
- Maglingkod sa iyong trabaho o komunidad sa pamamagitan ng pagsisimula ng Bible study o oras ng panalangin sa inyong opisina o kalapit na lugar
- Hilingin sa Panginoon ang isang personal na tagumpay sa paghahanap ng karunungan at payo ng Diyos para sa iyong buhay; hayaan ang Banal na Espiritu na magbigay ng isang espirituwal na pagbabagong buhay para sa iyo, na may panibagong lakas at sigasig na sumunod sa Kanya ng tapat.

PAGPAPASALAMAT:

- Ipahayag ang taos-pusong pasasalamat sa Panginoon sa Kanyang pagtawag sa iyong buhay. Pasalamatan Siya sa prebilehiyong makapaglingkod at makapagministeryo bilang isang handog na kalugud-lugod sa Kanya.
- Pasalamatan natin ang Diyos sa patuloy Niyang paggamit sa Kanyang iglesia, sa lokal man o sa buong mundo upang maipahayag ang Ebanghelyo sa mga lugar na hindi pa naabot. Purihin Siya sa patuloy na pagkilos na paggawa ng mga alagad saanman at kailanman Niya tayo isinugo.

TALAN NG PANALANGIN

DAY THREE (July 18, 2025)

KATANGIAN NG DIYOS: DIYOS BILANG ATING MANGGAGAMOT

BASAHIN

²⁶ Sinabi Niya, “Kung ikaw ay makikinig nang buong puso sa tinig ng Panginoon mong Diyos, at gagawin ang tama sa Kanyang paningin, at makikinig sa Kanyang utos, at tutuparin ang lahat Niyang mga tuntunin, hindi Ko kayo bibigyan ng alinman sakit na ibinigay Ko sa Egipto, sapagkat Ako ang Panginoon na iyong manggagamot.”

²⁷ Pagkatapos ay dumating sila sa Elim, kung saan may labindalawang bukal ng tubig at pitumpong puno ng palma; at doon sila nagkampo sa tabi ng tubig.

EXODO 15:26-27

PAGNILAYAN

1. Anong utos ang ipinagkaloob ng Panginoon sa mga Israelita upang sila’y pagalingin at ingatan?
2. Basahin ang buong kabanata 15 upang maunawaan ang kabuuang sitwasyon. Paano pinatnubayan ng Diyos ang Kanyang bayan sa ilang at sa iba’t ibang pagsubok kabilang ang mga karamdaman?

ISABUHAY

Naranasan ng mga Israelita na si Yahweh ay hindi lamang Tagapagligtas mula sa pagkakaalipin sa Egipto kundi Siya rin ang kanilang Manggagamot na umaalalay sa kanila sa gitna ng ilang at nagpapagaling sa Kanilang mga karamdaman. Ang lahat ng ito ay nakabatay sa kanilang pananampalataya at pagsunod sa Kanyang mga utos. Sa mga pagkakataong sila'y nagkulang, mas higit pa ang ipinagkaloob ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang patuloy na presensya sa kabuuan ng kanilang paglalakbay.

1. Sa anong mga bahagi ng aking buhay ako nangangailangan ng kagalingan (pisikal, emosyonal, espiritwal)? Paano ako lubos na makakaasa sa Panginoon bilang aking Manggagamot at Tagapangalaga?

2. Anong mga bagay ang dapat kong baguhin upang masundan ko ang Diyos nang may katapatan, sa kabila ng anumang kalagayan o hamon na aking hinaharap?

Set Simple, Measurable, Appropriate, Realistic, Time-bound (SMART) commitments.

Halimbawa: Magkaroon ng regular na gawain araw-araw tulad ng paggising ng maaga para manalangin at magbasa ng Bibliya, mag-ehersisyo, at panatilihin ang aktibong pamumuhay at magkaroon ng sapat na tulog at pahinga.

C.A.S.T.

PAG-AMIN:

- Aminin natin na hindi tayo karapat-dapat na humarap sa Panginoon. Aminin natin ang mga oras na umasa tayo sa ating sariling kayamanan at kaalaman, sa halip na unang lumapit tayo sa Diyos para sa ating kagalingan at kalusugan.
- Magsisi tayo sa Diyos para sa ating mga kaugaliang nauugnay sa mga sumusunod na aspeto:

- Pagmamataas, pagiging makasarili at mga lihim na kasalanan
- Pagsamba sa diyus-diyosan, kasakiman, at pagpapahalaga sa materyal na bagay
- Kahalayan, kawalan ng pagpipigil sa sarili, at kawalan ng integridad
- Pagkalulun sa alak, droga, pornograpiya, digital na teknolohiya o mga laro, pagsusugal, at social media
- Masasamang impluwensya, hindi maka-Diyos na mga relasyon, tsismis, paninirang-puri at pagsisinungaling.
- Pagsasakop sa mga pag-atake at kasinungaling ng kaaway (mga pag-iisip at tendensiyang magpakamatay)
- Ipahayag at hingin ang kapatawaran para sa mga kasalanan, pagkukulang, at anumang pagkaalipin o pagkagumon; hanapin ang pagpapanumbalik ng Diyos sa ating buhay habang tayo'y nagsisisi at nagpapasakop sa Kanya.
- Aminin natin ang mga pagkakataong hinahayaan nating kainin tayo ng ating mga alalahanin. Magpakumbaba na aminin ang mga oras na umasa tayo sa ating sariling mga mapagkukunan at pangangatwiran, sa halip na

tumakbo sa Diyos, una sa lahat, para sa ating kagalingan at maayos na kalagayan.

- Maglaan ka ng oras upang ilagak sa Panginoon ang iyong mga pasanin - anumang panghihina ng loob, pagkabalisa, pagkukulang, o takot na nagiging hadlang sa iyong relasyon sa Diyos.
- Maaring may kilala kang isa o higit pang tao na dumaranas ng matinding emosyonal na pagsubok at suliranin sa kalusugan (mental health) na pag-iisip. Ipanalangin ang bawat isa sa kanila sa pamamagitan ng pangalan, para sa supernatural na pagpapagaling ng Panginoon sa kanila - gayundin para sa kaligtasan kung hindi pa nila kilala si Hesus bilang Panginoon at Tagapagligtas.

PAGSAMBA:

- Sambahin ang Diyos bilang ating Manggagamot, Tagapangalaga, Tagapagbigay, Kaaliwan, at Katulong sa oras ng pangangailangan.

PAGSUSUMAMO:

PISIKAL NA KAGALINGAN

- Habang tayo'y nananalangin para sa kagalingan - para sa

ating sarili o para sa iba - ipagkatiwala natin sa Diyos ang panahon at paraan ng Kanyang pagpapagaling. Sa halip na ipilit kung paano o kailan Niya tayo dapat pagalingin, manalangin tayo nang may pananampalataya tulad ng isang bata - na ang Diyos ay Siya ring Manggagamot noon, ngayon, at magpakailanman.

- Hilingin mo sa Panginoon ang isang personal na tagumpay sa iyong kalusugan at kagalingan - manalangin para sa pusong inuuna ang kaharian ng Diyos higit sa lahat. Hayaan mong ang Banal na Espiritu ang gumabay sa iyong pamumuhay upang mapangalagaan mo ang iyong katawan na templo ng Diyos.
- Manalangin tayo sa Panginoon para sa maayos na kalusugan habang ginagawa rin natin ang ating bahagi sa pamamagitan ng tamang pagkain, sapat na tulog, regular na pag-eehersisyo, at araw-araw na pag-aalaga sa ating kaluluwa sa pamamagitan ng mga espirital na disiplina, pagninilay, pananahimik, pag-iisa sa harap ng Diyos, at tunay na pamamahinga.

PANSALAPING KAGINHAWAHAN

- Maglaan ng oras upang ilagak ang iyong mga pasanin sa Panginoon; anumang panghihina ng loob, pagkabalisa,

pagkukulang, o takot na humadlang sa iyong kaugnayan sa Diyos.

- Aminin natin ang mga pagkakataong hinahayaan nating kainin tayo ng ating mga alalahanin. Magsisi tayo sa panahong umasa tayo sa ating sariling lakas at karunungan, sa halip na umasa sa Diyos una at higit sa lahat para sa ating pangangailangan at mapagkukunan
- Humingi sa Panginoon ng isang financial breakthrough o pagpala sa pananalapi - manalangin para sa isang puso na naghahanap ng karunungan ng Diyos higit sa lahat; hayaang gabayan ka ng Banal na Espiritu ng isang mabuting katiwala ng Kanyang yaman.
- Manalangin tayong maging mas bukas-palad, mapagbigay, at masaya sa pagbibigay ng ating oras, talento, at yaman para sa gawain ng Diyos – maging ito man ay sa simbahan, sa iyong pamilya o komunidad, o sa sinumang nangangailangan sa panahong ito.

PAGPAPAGALING SA MGA UGNAYAN:

- Ipanalangin natin ang ating mga relasyon — na matutunan nating mahalín ang mga taong mahirap mahalín at maging kawangis ni Kristo sa pagtrato sa mga taong nananakit sa atin o may masamang iniisip tungkol sa atin.
- Hilingin sa Diyos ang isang mapagpakumbabang puso

upang aminin ang mga pagkakataong tayo naman ang naging kaaway ng iba, at humanap ng pagkakataon upang ituwid ang pagkakamali at maibalik ang mabuting ugnayan.

- Manalangin tayo nang may pananampalataya na pagkalooban tayo ng Diyos ng tagumpay sa mga larangang gaya ng:
 - Alitan sa loob ng pamilya, sa trabaho/paaralan, sa mga kaibigan, o sa mga kapwa mananampalataya
 - Kawalan ng pagpapatawad
 - Kapaitan dahil sa mga sugat ng nakaraan
 - Pagnanais na gumanti
 - Pagmamataas, pagiging defensive, o pagbibigay-katwiran sa kasalanan
 - Pagiging mapanakit o mapang-abuso sa kapwa
 - Mga atake ng kaaway, o impluwensiyang demonyo
- Hilingin sa Panginoon ang tagumpay at paghilom sa mga sirang relasyon — sa pamamagitan ng Kanyang kapatawaran, pagkakasundo, at pagbabalik-loob; hayaang ang Banal na Espiritu ang magdala ng espiritwal na pagbabagong-buhay sa iyo, at bigyan ka ng bagong lakas at sigasig upang Siya’y tapat na sundan.

PAGPAPASALAMAT:

- Pasalamatan natin ang Panginoon nang maaga para sa mga katuparang Kaniyang gagawin sa Kaniyang takdang panahon at paraan.
- Kahit wala pang agarang tagumpay o kasagutan, maglaan tayo ng panahon upang ipahayag ang ating pasasalamat sa Diyos sa patuloy Niyang pag-alalay sa atin sa bawat yugto ng buhay, sitwasyon, at pagsubok.

TALAAAN NG PANALANGIN

DAY FOUR (July 19, 2025)

KATANGIAN NG DIYOS: ANG KANYANG KABANALAN

BASA HIN

¹⁶ ...“Mananahan ako at mamumuhay sa piling nila. Ako ang magiging Diyos nila, at sila’y magiging bayan ko.”

¹⁷ Kaya’t sinasabi ng Panginoon,

“Lumayo kayo sa kanila at humiwalay kayo;
huwag kayong humipo ng anumang marumi,
at kayo’y aking tatanggapin.”

¹⁸ “Ako ang magiging ama ninyo,
at kayo’y magiging mga anak ko,
na lalaki at babae,” sabi ng Panginoong Makapangyarihan
sa lahat.

PAGNILAYAN

1. Anu-anong mga tiyak na gawain o impluwensya sa aking buhay ang ipinahihwalay sa akin ng Diyos - na kanyang panawagan na iwanan ko at talikuran upang mamuhay ako nang bukod para sa Kanyang banal na layunin.
2. Anong pangako ang ibinibigay ng Diyos sa mga piniling mamuhay nang hiwalay sa kasamaan at may kabanalan. Paano hinuhubog ng pangakong ito ng Kanyang pag-ibig bilang Ama ang iyong pagkaunawa sa iyong pagkatao bilang Kanyang anak?

2 CORINTO 6:16B-18

ISABUHAY

Sinabi ni Hesus sa Juan 3:16 na mahal ng Diyos ang sanlibutan, na nagpapahayag ng Kanyang malalim na hangarin para sa isang mapagmahal na ugnayan sa Kanyang mga anak. Nang turuan ni Hesus ang Kanyang mga alagad na manalangin, tinawag Niya ang Diyos na “Aming Ama” (Mateo 6:9), na nagpapatunay na ang mga mananampalataya ay mga anak ng Diyos. Maraming tao ang may pananaw na ang Diyos ay malayo, walang malasakit, at hiwalay sa ating buhay. Ngunit malinaw sa Kasulatan na ang Diyos ay naghahangad ng malapit na ugnayan sa Kanyang pamilya, at iniimbitahan Niya tayong makipag-ugnay sa Kanya bilang ating Ama.

1. Paano nakaapekto ang iyong karanasan sa iyong ama dito sa lupa sa iyong pag-unawa sa pagmamahal at pag-aaruga ng Diyos bilang Ama?

2. Sa anu-anong tiyak na paraan ako maaaring magpakabuti sa aking personal na kabanalan at kalinisan?

Set Simple, Measurable, Appropriate, Realistic, Time-bound (SMART) commitments.

Halimbawa: “Magkakaroon ako ng hindi bababa sa dalawang taong mapagkakatiwalaan (accountability partners) na maaari kong pagsabihan tuwing linggo tungkol sa aking mga pagsubok kaugnay ng anumang uri ng karumihan o pagkabigong mamuhay nang banal tulad ng aking Ama.”

C.A.S.T.

PAG-AMIN:

- Hilingin sa Diyos na ipakita ang anumang partikular na kasalanan—mga kaisipan, gawa, o impluwensiyang maaaring humahadlang sa iyong banal na paglakad kasama Siya.
- Ipahayag nang tapat ang kasalananang ito sa ating Amang nasa langit, ipakita ang iyong lubos na pagsisi dahil ito'y nagpapahiwalay sa iyo mula sa Kanyang pagtawag na maging Kanyang anak. Humingi ng kapatawaran at kalakasan upang talikuran ang anumang karumihan, na may pagtitiwala sa Kanyang pangakong tanggapin ka bilang Kanyang anak na lalaki o babae.

PAGSAMBA:

- Pagbulayan ang kamangha-manghang katotohanan na tinatawag ka ng Panginoong Makapangyarihan sa lahat na Kanyang anak. Sambahin ang Diyos para sa Kanyang pagmamahal bilang Ama, at purihin Siya sa pagpiling makisama sa iyo at angkinin kang Kanya.

PAGSUSUMAMO:IPANALANGIN ANG PAMILYA:

- Na magamit ka bilang daluyan ng Kanyang pag-ibig sa mga taong malalapit sa iyo, kamag-anak, at mga miyembro ng pamilya.
- Na maging higit tayong kawangis ni Kristo bilang asawa, magulang, anak, kapamilya, kaibigan, at iba pa.
- Na mapangunahan natin ang ating pamilya at mga kaibigan sa mga landas ng Panginoon.
- Na mapuspos tayo ng Banal na Espiritu upang maipamalas ang bunga ng pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiyaga, kagandahang-loob, kabutihan, katapatan, kahinahunan, at pagpipigil sa sarili (Galacia 5:22–23).
- Na maparangalan at mapapurihan natin ang Diyos sa lahat ng bagay—kahit sa mga hamon ng ating mga relasyon sa pamilya.
- Ipagtapat ang ating ugaling pagsasawalang-bahala ng ating relasyon, ang hindi pagpansin sa mga alitan o tensyon, at ang kawalan ng pagpapatawad sa mga nakasakit sa akin - lalo na sa loob ng ating pamilya.
- Ipanalangin na simula sa linggong ito ay maging

intentional ako sa pakikipag-ugnay sa isang kapamilya, kamag-anak, o kaibigan na kailangan nating makipag-ayos.

- Samantalahin ang pagkakataon na manalangin kasama ang iyong mga mahal sa buhay: palakasin ang loob ng isa't isa at ipahayag ang pasasalamat sa mabubuting katangian at gawain ng bawat isa.
- Maglaan ng oras upang mag tanong sa isa't isa: “Ano ang maari kong gawin upang maging mas mabuti? Nasaktan ba kita? Patatawarin mo ba ako?” at pagkatapos ay manalangin para sa isa't isa.

IPANALANGIN ANG LIFESTAGE MINISTRIES:

Across (Pamilya)

- Nawa'y mas maraming pamilya ang mailagay si Jesu-Kristo, ang Kanyang pag-ibig, at ang Kanyang Salita sa gitna ng kanilang mga relasyon at pagsasama.
- Mas dumami pa ang mga lider at volunteer — lalo na ang mga magulang at buong pamilya — na maglilingkod sa ministryo at gagabay sa iba pang mga pamilya.
- Para sa mga magulang, na kanilang palakihin ang kanilang mga anak sa pagkakilala at pag-ibig sa Panginoong Hesus.

- Humiling ng banal na karunungan kung paano matutulungan ang bawat pamilya na maging isang Discipleship Group (EFAD).

B1G (Singles)

- Panalangin na pagkalooban ng Panginoon ng karunungan, probisyon, at proteksyon ang lahat ng tagapagsalita, lider, boluntaryo, at kalahok ng B1G Fridays at B1G True Life Retreat.
- Nawa'y ang lahat ay tumingin kay Hesus bilang huwaran at maging tapat sa paglilingkod sa kanilang pamilya, at mga kasamahan, lalo na sa mga kasama sa B1G Ministry.
- Maging ang mga singles ay manatiling matatag at nakaugat sa Salita ng Diyos sa pagtupad ng Kanyang utos sa pagdidisipulo at sa pagtatatag ng mga Bible study sa mga lugar ng trabaho; na sila'y maging kawangis ni Kristo sa bawat taong kanilang nakakasalamuha sa kanilang panahon ng pagiging single.

Elevate (Kabataan), #NotAlone Program

- Nawa'y patuloy na gamitin ng Diyos ang Elevate Youth Ministry upang maabot ang mas maraming estudyante sa iba't ibang paaralan; na makilala

KATANGIAN NG DIYOS: ANG KANYANG KABANALAN

ng kabataan si Kristo at patuloy na maibahagi ang Ebanghelyo saanman sila naroroon.

- Ipanalangin na ang lokal na campus missionaries ay makakaranas ng sapat na suporta.
- Para sa ating #NotAlone program ay magpatuloy sa paglago at paglawak, na maabot ang mas maraming paaralan sa iba't ibang bahagi ng bansa.

NXTGEN (Mga Bata)

- Para ang mga bata ay lumago sa kanilang pag-ibig sa Diyos at sa Kanyang Salita, at maglingkod sa Kanya nang may katapatan.
- Mas dumami pa ang mga volunteers na handang magturo at magsanay sa pinakabatang henerasyon, upang ipakita ang tunay na pag-ibig at tamang pakikitungo sa kapwa, at maging lingkod sa iba.
- Para sa patuloy na proteksyon ng Diyos sa mga batang kalahok ng NxtGen.
- Maitaas ng Diyos ang mga batang magiging lider sa hinaharap, na Kanyang gagamitin sa Kanyang kaharian.

Ipanalangin ang Life Academy International (LAI)

- Ipanalangin ang lahat ng mga pinuno, manggagawa,

at guro ng LAI na patuloy na mapuspos at mapalakas ng Banal na Espiritu upang maituro ang mga aral ni Kristo, mahubog ang mga mag-aaral bilang tapat na tagasunod Niya, at maipakilala si Hesus sa mga susunod na henerasyon.

- Na ang mga guro at kawani ay magkaroon ng pagkakaisa sa paggabay sa mga estudyante tungo sa pagiging mga lingkod na kawangis ni Kristo.
- Para sa mga mag-aaral na maging ilaw ni Hesus sa iba't ibang larangan ng buhay — akademiko, isports, at paglinang ng mga bagong kakayahan.
- Idulog ang pamunuan ng paaralan na patuloy ng gabayan ng Banal na Espiritu sa bawat pagpapasya at plano para sa paaralan.

PAGPAPASALAMAT:

- Pasalamatan ang Diyos sa pagtanggap sa iyo bilang Kanyang anak, sa kabila ng iyong mga pagkukulang, at sa Kanyang katapatan na tawagin kang Kanya. Ipagpasalamat mo rin ang Kanyang paanyaya na mamuhay sa isang banal at malapit na relasyon sa Kanya, na may kapanatagan sa Kanyang pagmamahal bilang Ama.

GABAY SA HAPUNAN NG PANGINOON

para sa nanonood online:



MAGHANDA NG
TINAPAY AT JUICE

BASAHIN: **1 CORINTO 11:23-29**

BAKIT NATIN PINAGDIRIWANG ANG LORD'S SUPPER?

- Ang simbolikong pagtitipong ito na ay ipinag-utos ng ating Panginoong Hesus bilang isang malinaw na pagpapaalaala ng mga bagay na Kanyang nagawa para sa atin. Kailangan nating madalas na ito'y ipagdiwang nang ating maalala si Hesus dahil sa pamamagitan ng Lord's Supper, "ipinahahayag ninyo ang kamatayan ng Panginoon hanggang sa dumating siya." (verse 26).
- Bago pinaghati-hati ni Hesus ang tinapay at ipinasa ang kopa, sinasabi ng Salita na si Hesus ay nagpasalamat (verse 24). Si Hesus ay nagpasalamat sa pagkakataong tayo'y pagsilbihan sa pamamagitan ng pag-aalay Niya ng Kanyang katawan at dugo para sa ating kapakanan.

ANO BA ANG SINISIMBOLO NG TINAPAY AT ALAK (SA KASO NATIN, NG JUICE)?

- Ang tinapay ay sumisimbolo sa katawan ni Hesus na siyang umako ng pasakit na dapat ay para sa atin (verse 24).
- Ang juice ay sumisimbolo sa dugo ni Hesus na inalay para sa atin sa Bagong Tipan (verse 25).
- Hindi natin tinuturo na ang tinapay ay literal na nagiging katawan ni Kristo o di kaya'y ang alak o juice ay literal din na nagiging dugo Niya. Sa halip, ating pinapahayag na ang mga elementong ito ay naglalarawan sa ating Panginoon, kung sino Siya at kung ang Kanyang mga nagawa.
- Sa gayon, ang ating pakikibahagi sa mga elementong ito ay isang simbolikong pagpapahiwatig ng ating pananampalataya sa Kanya at sa natupad Niyang gawain sa mundo.

ANO BA ANG TAMANG SALOOBIN BAGO TAYO MAKIBAHAGI SA LORD'S SUPPER?

- Dapat ay maging mapagpasalamat at kumilala ng utang-na-loob sa tuwing tayo'y tatanaw sa nakaraan at sa kasalukuyan.
- Bigyan-tanaw ang nakaraan at magpasalamat sa Panginoong Hesus para:
 - Sa Kanyang libreng regalo na kaligtasan at sa kapatawaran ng ating mga kasalanan
 - Sa Kanyang mga katangian (katapatan, mapagpatawad, kagandahang-loob, banal, mapagmahal, hindi nagbabago)
 - Sa ating pagkakakilala sa Kanya (Diyos, Panginoon, Tagapagligtas)
 - Mga pagpapala tulad ng ating pamilya (asawa, mga anak, mga magulang, kapamilya), sa pagtugon sa ating mga pangangailangan, atbp. (tulad ng pagbilang ng mga pagpapalang inyong natanggap)
- Mga pagkakataong makapaglingkod sa Kanya at sa Kanyang mga alagad (pamilya, kaibigan, simbahan)
- Tumanaw sa kasalukuyan at magpasalamat sa Panginoong Hesus sa mga pagpapala na ikaw ay buhay pa ngayon, at sa kaloob Niyang mga relasyon (biolohikal at espirituwal na pamilya, mga kaibigan, DGroups).
 - Sa kung paano Niya sasagutin ang iyong mga dasal
 - Ang pangako na darating ang panahon na Siya ay babalik muli.
- Gumugol ng oras para makapagnilay-nilay.

MAGDASAL MATAPOS KAININ ANG TINAPAY AT INUMIN ANG JUICE

MGA PANALANGIN

MGA BANSA

1. Global revival – unawaing kailangan ang kaligtasan kay Hesu-Kristo at ang mga tagasunod ni Kristo ay maipahayag ang Mabuting Balita sa lahat ng bansa.
2. Para mamagitan ang Diyos sa pagpapaunlad ng ekonomiya; pagpapanatili sa kapayapaan at kaayusan sa mundo at panindigan ang dangal at kabanalan ng buhay na sa kabila ng napakagulong panahon, ang mga tao ay mamuhay ng maayos at may takot sa Diyos.
3. Ipagdasal na magkaroon ng kapayapaan ang mga bansang may labanan, digmaan, at problemang ekonomiya.
4. Ipagdasal ang CCF Beyond at ang ating mga International Missionary Partners na manatiling matatag at ligtas sa kabila ng pagkokontra sa kanilang pananampalataya at maipagpatuloy ang paghahayag ng Mabuting Balita at maparami ang mga tagasunod ni Kristo.

ANG PILIPINAS

1. Ipagdasal ang mga mamamayan ng ating bansa - na lahat tayo ay matutong magmahal sa Diyos at magmahalan sa isa't-isa tulad ng pagmamahal ni Kristo sa atin. Ang bawat

Pilipino ay makakilala kay Hesus at makilala sila sa kanilang pagmamahal kay Kristo.

2. Ipagdasal ang kapakanan ng ating bansa - kasama ang mga lider na nanunungkulan, na ang lahat ay lumapit sa Panginoon at gawin ang Kanyang kalooban sa pagharap sa mga problema ng ating bansa.
3. Ipagdasal ang mga lider para panindigang isabuhay ang mga turo ng Biblia at maging halimbawa ng maka-Diyos na pag-uugali, kakayahan, hustisya, pananagutan, at pamilya - para sila ay maglingkod na may integridad, karunungan, katapatan, proteksyon at patnubay:
 - Pangulo, Pangalawang Pangulo, mga Miyembro ng Gabinete, at mga Taga-payo
 - Ang mga Senador at mga Kongresista
 - Punong Mahistrado at lahat ng Mahistrado
 - Hukbong Militar at Pulisya
 - Lokal na Pamahalaan at mga Opisyal ng Barangay
4. Para ang mga nangungurakot na opisyal ay malantad at managot sa hustisya; pagbabago ng sistema ng gobyerno sa ating bansa at panindigan ang pagkamuhi, katarungan, kapayapaan, at pag-unlad ng ekonomiya.
5. Ipagdasal ang mga pangunahing isyu ng bansa (katagan ng ekonomiya, problema sa droga, katiwalian sa gobyerno, sapilitang pagtatrabaho ng mga manggagawa at human trafficking, pagkawatak-watak ng pamilya at pagkalayo ng mga magulang, pagbaba ng moralidad, pagsamba sa diyos-diyosan, materyalismo, mga pinahahalagahang

hindi maka- Diyos, pornograpiya, imoralidad, ginagawa ng mga taong kabilang sa LGBTQA+, pagtaas sa bilang ng mga biktima ng HIV, pagbubuntis ng mga kabataan, pagkalito sa kasarian, pagka-adik sa cellphone, problema sa trapiko, mga batas at panukalang batas na laban sa Salita at kalooban ng Diyos).

6. Ipagdasal na mas maraming Pilipino sa lahat ng antas ng pamumuhay ang tumanggap kay Hesu-Kristo bilang Panginoon at Tagapagligtas at magkaroon ng tunay na pagkatakot sa Panginoon.

ANG ATING IGLESIA

1. Ipagdasal ang lahat ng mga lider at miyembro ng CCF na mamuhay na may pagmamahal sa Diyos at sa iba, kadalisayan at kabanalan, pagpapakumbaba, at pagkamatapat.
2. Ipagdasal ang tapat na pagtupad sa misyon ng Diyos para sa CCF (to honor God and to make Christ-committed followers who will make Christ-committed followers).
3. Ipagdasal si Pastor Peter Tan-Chi at kanyang pamilya (kabanalan, pagiging malapit sa Panginoon, karunungan, at lakas para pangunahan ang CCF discipleship movement, manatiling puspos ng Banal na Espiritu sa lahat ng oras).
4. Ipagdasal ang mga CCF elders, pastors, ministry servant leaders, church planters, Dgroup leaders, missionaries, campus workers, staff members, at mga volunteers na manatiling magkaroon ng alab sa paglilingkod sa Diyos,

kabanalan, mabuting kalusugan at proteksiyon, espirituwal na paglago at pagiging malapit sa Panginoon, kontrolado at pinalalakas ng Banal na Espiritu, patuloy na mamuhay ng may moralidad at integridad. Ipagdasal ang bawat pangalan na makikita sa: ccf.org.ph/meet-the-team/

5. Ipagdasal ang CCF na maging epektibo sa pag-abot sa mga tao at patuloy na magparami ng mga tagasunod ni Hesus. Na lahat ng mga miyembro ng CCF ay patuloy na magpahayag ng Mabuting Balita sa kani-kanilang pamilya/kamag-anak, mga kaibigan, at ibang tao ng may kaugnayan sa kanila.
6. Ipagdasal na ang mga CCF members ay mapuspos ng Banal na Espiritu at tapat na nananalangin.
7. Abutin ang mga kabataan sa pamamagitan ng Elevate campus ministries sa mga eskuwelahan, kolehiyo at unibersidad sa buong bansa.

PAMILYA

1. Ang bawat pamilya ay laging nakatuon kay Kristo
2. Ang mga lalaki ay magmamahal sa kanilang mga asawa at maging spiritual leaders sa kanilang tahanan
3. Ang mga babae ay gumagalang at nagpapasakop sa kanilang mga asawa.
4. Ang mga ama at ina ay maging huwaran ng maka-Diyos na pag-uugali sa kanilang mga anak
5. Ang mga magulang ay sadyaing turuan ang kanilang mga

- anak para sila ay makakilala at magmahal sa Diyos
6. Ang mga anak ay sumusunod at gumagalang sa kanilang mga magulang
 7. Pagpapatawaran at pagsasa-ayos ng mga relasyon — na ang mga miyembro ng pamilya ay mamuhay na may pag-ibig at paggalang, magkasamang naglilingkod sa Diyos at sa ibang tao
 8. Kaligtasan ng buong pamilya at mga kamag-anak

PERSONAL NA TAGUMPAY

1. Spiritual revival – para makilala at lalong maging malapit sa Diyos, kalugud-lugod na mamuhay para sa Diyos at may paggalang sa Kanya
2. Magkaroon ng pag-uugaling tulad ni Kristo sa pamamagitan ng pagiging puspos ng Banal na Espiritu at makitaan ng bunga ng Espiritu (pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiis, kabutihan, kagandahang-loob, katapatan, kahinahunan, at pagpipigil sa sarili)
3. Pisikal na kagalingan at pamumuhay ng balanseng buhay (umunlad sa karunungan at abilidad sa tulong ng Diyos at tao)
4. Tagumpay laban sa kasalanan at masasamang ugali
5. Hayaan ang Banal na Espiritu na gabayan ka kung saan ka naglilingkod, magkaroon ng bagong lakas at sigasig na magboluntaryo sa gawain ng Diyos

PINANSYAL

1. Makalaya sa utang
2. Mabuting pamamahala ng pera ng Diyos at mga pagpapalang pinansyal
3. Regular na mag-ikapu at laging mag-pagbigay
4. Paglago sa negosyo, propesyon, at tungkulin sa trabaho

MGA IBA PANG BAGAY NA PERSONAL NA IPAPANALANGIN

(ipanalangin ang iyong personal na mga petisyon)

PAANO SINAGOT NG DIYOS ANG IYONG DASAL?

IBAHAGI ANG IYONG KWENTO AT ITURO ANG MGA TAO KAY KRISTO.

i-tag kami sa:



mag-email sa amin:

questions@ccf.org.ph
testimonies@ccf.org.ph

sumulat sa amin:

maaari mong isulat ang iyong answered prayers
sa isang tithe envelope at ihulog ito sa tithe box



CHRIST'S COMMISSION FELLOWSHIP

 (02) 8866-9900

 questions@ccf.org.ph

 ccf.org.ph

 facebook.com/CCFmain

 instagram.com/CCFmain

 youtube.com/CCFmainTV

 **C5 corner Ortigas Avenue,
Ortigas East, Pasig City**